



**PAGSUSURI SA MGA PATAYUTAY NA PAHAYAG SA AWITING  
'KANLUNGAN' NA SINULAT NI ROMEO DONGETO**

PRISCILLA CANOY<sup>1</sup>

BSED-FILIPINO, PROGRAM HEAD

[priscillacanoy@gmail.com](mailto:priscillacanoy@gmail.com)

NATHANIEL GIDO<sup>1</sup>

RESEARCH DIRECTOR AND COLLEGE OF EDUCATION DEAN

[maritimeresearchunit@gmail.com](mailto:maritimeresearchunit@gmail.com)

ROSIE VILLEGAS<sup>1</sup>

JEANALYN ESCARAN<sup>1</sup>

MYLENE HALLAZGO<sup>2</sup>

KRISHALE JANE TABOR<sup>2</sup>

ELVIN JOHN DINO<sup>2</sup>

RITCHIE TECSON<sup>2</sup>

<sup>1</sup>MADRIDEJOS COMMUNITY COLLEGE

<sup>2</sup>TAGOLOAN COMMUNITY COLLEGE

**Abstrak (Abstract)**

*“Pana-panahon ang pagkakataon... Maibabalik ba ang kahapon?”* Ang linyang ito ay isang sipi mula sa awiting “Kanlungan” na sinulat ni Romeo Dongeto na nakapupukaw sa diwa at damdamin ng mga tagapakinig. Isang tanong na may lantarang kasagutan ngunit isa pa ring palaisipan para sa mga nakikinig o bumabasa ng liriko nito. Ang pag-aaral na ito ay isang deskriptibo at kwalitatibo na pagsusuri. Susuriin ang mga patayutay na pahayag sa bawat taludturan ng awiting “Kanlungan” sa paraang tekstwal na analisis. Ito ay naglalayong malaman ang mga uri ng patayutay na pahayag na ginamit ng manunulat na si Romeo Dongeto sa kanyang awiting “Kanlungan.” Napag-alaman ng mga mananaliksik na ang mga patayutay na pahayag na ginamit sa awiting Kanlungan na sinulat ni Romeo Dongeto ay ang metonomiya, retorikal na tanong, simile, personipikasyon, at ang simbolismo, at sa lahat ng ginamit na pahayag, higit na ginamit ang retorikal na pagtatanong.

**Susing-salita:** Pagsusuri sa mga Patayutay na Pahayag

**PANIMULA (INTRODUCTION)**

*“Pana-panahon ang pagkakataon... Maibabalik ba ang kahapon?”* Ang linyang ito ay isang sipi mula sa awiting “Kanlungan” na sinulat ni Romeo Dongeto na nakapupukaw sa diwa at damdamin ng mga tagapakinig. Isang tanong na may lantarang kasagutan ngunit isa pa ring palaisipan para sa mga nakikinig o bumabasa ng liriko nito. Tunay na makulay ang isang awitin, sa magagandang ritmo nito ay talagang mapatatango ka at idagdag pa ang mga salitang matatalinghaga na mapatutulala ang nakikinig.

Isa sa mga halimbawa ng pampanitikang akda ang awitin. Kaya marami-rami rin ang nag-aaral at nagnanais na ito ay mabigyang-pakahulugan hindi lamang ang pagbasa. Ayon kay Angel (2019), isa sa kailangang pagtuunan ng pansin sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ay ang

pagsusuri ng mga ito. Hindi sapat na binasa lang ang akda. Kinakailangang naiintindihan nang husto ang ideyang nais iparating ng may-akda lalong-lalo na sa mga patulang anyo. Kapag tula at awitin ang pag-uusapan, ito ay binubuo ng taludturan. Tulad ng isang awitin, may linya, saknong, at madalas may korus. Nakikitaan din ng mga salita o tekstong napakagandang pakinggan, lalo na kung hindi lantaran ang mga kahulugan nito.

Madalas nating naririnig sa mga awitin ang mga pahayag na hindi literal ang ibig- ipakahulugan o iyong mga patayutay na pahayag. Ayon kay Santos (2017), ang tayutay o *“figure of Speech”* sa Wikang Ingles ay ang pag-iwas sa paggamit ng ordinaryo o pangkaraniwang salita upang maging kaakit-akit, malikhain at mabisa ang pagpapahayag ng damdamin ng isang manunulat o nagsasalita. Dagdag pa ni Lumacad (2019), kung gayon, hindi tuwirang lantad ang pagbibigay ng kahulugan ng tayutay, bagkus ito ay may malalim na kahulugan na kinakailangan ng maiging pagsusuri, pagpapaliwanag, at pag-intindi.

Napakarami ng uri ng tayutay ngunit ang mas madalas nakikita at ginagamit ay ang mga simile (pagtutulad), metapora (pagwawangis), personipikasyon, synecdoche (pagpapalit-saklaw), metonomiya (paglilipat-wika), pagmamalabis, retorikal na tanong, pabaligho, panawagan, pangitain (vision), at marami pang iba. Tulad ng pag-aaral ukol sa awiting *“Lawiswis kawayan”* nakikitaan ng mga patayutay na pahayag lalo na ang metapora o pagwawangis (Gegato, 2018) at sa mga patulang akda ni Edgar Allan Poe na hitik sa mga patayutay na pahayag (Marlinton & Syafitri, 2018).

Sa mga lumipas na panahon, ang patayutay na lengwahe ay pinag-aralan madalas sa linguistikang pananaw lamang, ngunit sa kasalukuyan ay ginagamit na sa pamamagitan ng pag-aanalisa o pagsusuri. Ito rin ang binanggit sa pag-aaral nina Zarate, et al. (2019) na *“for a long time, figurative language was studied merely from linguistic perspectives, yet it has lately captured the attention of other fields, such as natural language process, context-content- sentiment analysis.”*

Napakahalagang pag-aralan ang tayutay dahil ito ang nagbibigay ng kariktan sa isang awitin. Madalas ginagamit ang mga patayutay na pahayag sa isang awitin. Tulad halimbawa ng awiting *“Bahay”* na sinulat ni Gary Granada na nilapatan ng retorikal na katanungan sa mga sumusunod na mga taludtod: *“Hindi ako nangungutya, kayo na rin ang magpasya, sa palagay ninyo kaya, ito sa mata ng Maylikha ay bahay?”* Isang pagtatanong na ipinupukol sa kung sinuman ang makakarinig ng awitin na hindi na kailangan ng direktang kasagutan sapagkat ang tanong ay ipinabatid lamang sa pamamagitan ng awitin.

Bilang isang nagbabalak na maging guro sa darating na panahon, naging mahalaga para sa mga mananaliksik ang magkaroon ng malalim na pang-unawa ukol sa panitikan lalo na at sila ay *Bachelor of Secondary Education major in Filipino*. Ayon nga kay Lumacad (2019), inilarawan ang tayutay bilang kaluluwa ng panitikan kaya bilang mga guro, may tungkulin tayong alamin ang bawat isa upang lubusang maakma at ma-angkla ito sa pagturo ng panitikan sa mga mag-aaral. Ninais din ng mga mananaliksik na malaman kung ano-anong patayutay na pahayag ang ginamit ng manunulat sa awiting *“Kanlungan.”*

## **METODOLOHIYA (METHOD)**

Ang pag-aaral na ito ay isang deskriptibo at kwalitatibong pagsusuri. Sinuri ang mga patayutay na pahayag sa bawat taludturan ng awiting *“Kanlungan”* sa paraang tekstwal na analisis. Mahalaga ang pagbibigay-diin sa mga elementong literari sa pagsusuri ng isang tula. Ang mga ito ay nakapaloob din sa ginamit na dulog sa panunuring pampanitikan na text-focused at context-focused approach (Aguila, 2017).

## **RESULTA AT PAGTALAKAY (RESULTS & DISCUSSION)**

### **Pagpapahayag ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang mga uri ng patayutay na pahayag na ginamit ng manunulat na si Romeo Dongeto sa kanyang awiting *“Kanlungan.”* Hinangad ding malaman at matuklasan mula sa ginawang pag-aaral ang kasagutan batay sa katanungan:., Ano-ano ang mga patayutay na pahayag ang ginamit sa awiting *“Kanlungan”* na sinulat ni Romeo Dongeto?

Batay sa ginawang pagsusuri sa awiting “Kanlungan” na sinulat ni Romeo Dongeto, natuklasang ginamit ang metonomiya sa pagpapahayag ng pamagat ng awiting “Kanlungan” sapagkat binigyan ito ng ilang katumbas na kahulugan na idinaan sa paggamit ng “tahanang ng tula at pangarap.” Ikalawa ay ang paggamit ng retorikal na tanong. Dito napatunayan na sa taludturan, mas maraming “katanungang retorikal” sapagkat nais ng manunulat na magtanong sa lahat ng nakikinig ng awitin at magkaroon ng repleksyon upang kumilos at gawin ang nararapat. Dito ibinuhos ng manunulat ang maraming katanungan sapagkat alam niya na maaaring sa awitin lamang ito higit na mapakinggan. Natuklasan din ng mga mananaliksik na ang patayutay na pahayag gamit ang “simile” ay makikita rin sa paghahalintulad ng dalawang bagay gaya nito “at tulad ko rin ang iyong pananabik, makita ang dating kanlungan” sapagkat nais ng manunulat na ipakita na hindi lamang siya ang nagnanais makita ang kanlungang tinutukoy, kundi, maging ako, ikaw, o tayong lahat. Ginamit din ang tayutay na “personipikasyon” dahil ikinabit sa isang bagay ang katangian na taglay at madalas ginagawa ng tao tulad ng “sa piling ng mga bulaklak at halaman, doon tayong nagsimulang mangarap at tumula.” Ginamit ito upang mailahad na ang mga nilalang at ang kalikasan ay may kaugnayan. Isa pang ginamit na tayutay ay ang “simbolismo.” Ito ang kumakatawan sa nakatagong kahulugan na nais itatak sa isipan ng mga tagapakinig dahil gumamit ang manunulat ng mga linyang tulad ng “inukit kong puso sa punong mangga at ang inalay kong gumamela,” na nangangahulugang may nagmamahalan.

### **NABATID (FINDINGS)**

Batay sa ginawang tekstwal na analisis ay nabatid ng mga mananaliksik na ang mga patayutay na pahayag na ginamit sa awiting “Kanlungan” na sinulat ni Romeo Dongeto ay ang metonomiya, retorikal na tanong, simile, personipikasyon, at ang simbolismo, at sa lahat ng mga patayutay na pahayag, higit na ginamit ang retorikal na pagtatanong upang magkaroon ng repleksyon ang bawat taong nakikinig ng awitin. Nabatid din ng mga mananaliksik na ginamit ng manunulat ang pamagat na “Kanlungan” upang magkaroon ng maraming katawagan batay sa mga nakikinig kung alin para sa kanila ang tinutukoy na kanlungan. Ngunit lantarang binigyang-pakahulugan ng manunulat ang pamagat na tahanang, o ang kalikasan dahil sa mga patunay na nabanggit at naipresenta sa awitin. Higit sa lahat, ito ay isang panawagan na ang lahat ay may obligasyon na pangalagaan ang kalikasan dahil ito ay ang tahanang ng lahat ng mga naninirahan sa mundo. Kaugnay ng mga natuklasan at nabatid ay buong-pagpakumbabang inirekomenda ng mga mananaliksik na gamitin ng mga guro ang pag-aaral na ito bilang lunsaran sa isang dinamikong pagtuturo ng mga patayutay na pagpapahayag. Ang mga guro ay hinihimok na gumamit ng mga makabago at kakaibang pamamaraan ng pagtuturo patungkol sa mga “tayutay.” Maaaring ilapat ang mga awit at iba pang mga akdang pampanitikan sa kanilang pagtuturo ng gramatika upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral dahil ang pamamaraan na ito ay madalang lamang na gamitin. Inirekomenda rin ng mga mananaliksik na gamitin ng mga mag-aaral ang pananaliksik na ito upang mapalalim pa ang pag-unawa sa kaisipan o damdamin na nakapaloob sa isang akda na hindi lantaran ang pagpakahulugan. Ang pananaliksik na ito ay magagamit sa pagbuo ng sariling akda gamit ang mga patayutay na pagpapahayag upang mapukaw ang kaisipan at damdamin ng mga mambabasa. Para naman sa iba pang mga mananaliksik, gamitin ang pag-aaral na ito bilang sanggunian sa kanilang gagawin na pag-aaral. Maaari nilang palawigin pa ang pag-aaral na ito sa pamamagitan ng paggamit ng iba pang mga baryabol, magandang paraan ito upang mapaunlad pa ang pananaliksik.

### **TALASANGGUNIAN (Reference)**

- Adarayan, R. (2022). Mga Uri ng Tayutay. Nakuha noong Mayo 16, 2022, sa [https://www.scribd.com/doc/287036516/Mga-Uri-Ng-Tayutay?fbclid=IwAR0WjKTPiqOdDahn7zssgQA2Hxv\\_5g9r6jfrd9SKJkguTut\\_ZL8PuORgwwQ](https://www.scribd.com/doc/287036516/Mga-Uri-Ng-Tayutay?fbclid=IwAR0WjKTPiqOdDahn7zssgQA2Hxv_5g9r6jfrd9SKJkguTut_ZL8PuORgwwQ)
- Aguila, C. (2017). Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na nagwagi sa gantimpalang palanca sa panitikan. Nakuha noong Mayo 2, 2022, sa <https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/380>
- Allen, M. (2017). Textual Analysis English. Nakuha noong Mayo 18, 2022, sa <https://methods.sagepub.com/reference/the-sage-encyclopedia-of-communication-research-methods/i14636.xml?>

- Angel, J. (2019). Kakayahan sa pagsusuri ng tula. Nakuha noong Mayo 16, 2022, sa [https://Angel\\_2019-witcoverpagev2.pdf](https://Angel_2019-witcoverpagev2.pdf)
- Delizo, M. (2015). Noel Cabangon: Singing songs for Mother Earth. Nakuha noong Mayo 18, 2022, sa <https://www.pressreader.com/philippines/manila-bulletin/20150311/281526519526355>
- Gegato, N. (2019). Isang Kwalitibong Pagsusuri ng mga Nilalaman sa mga Piling Kathang Awitin ni George M. Canseco: Lunsaran sa mga Kagamitang Pampagtuturo. Nakuha noong Mayo 16, 2022, sa <https://www.ejournals.ph/article.php?id=5688>
- JW. Org. (2022). RETORIKAL NA TANONG. Nakuha noong Mayo 25, 2022, sa <https://www.jw.org/tl/library/aklat/glosari-sa-bibliya/retorikal-na-tanong/?clid=IwAR1nG6T3l1iNs5xJBfx0vSOT1vC4fKjep12nIRF8ZxOkIb8IPZj> fb
- Ki. (2021). Ano Ang Simbolismo? – Kahulugan At Halimbawa Nito. Nakuha noong Mayo 25, 2022, sa [https://philnews.ph/2021/09/07/ano-ang-simbolismo-kahulugan-at-halimbawa-nito/?fbclid=IwAR2n7KNAkits\\_7WuT1s3SvvYQKD0n\\_ytUH6U6BPZ7vzXEq1NATbWh04lptU](https://philnews.ph/2021/09/07/ano-ang-simbolismo-kahulugan-at-halimbawa-nito/?fbclid=IwAR2n7KNAkits_7WuT1s3SvvYQKD0n_ytUH6U6BPZ7vzXEq1NATbWh04lptU)
- Litecircle (2020). TATSULOK. Nakuha noong Mayo 25, 2022, sa [https://literarycircle6.wordpress.com/2020/12/15/tatsulok-by-bamboo/?clid=IwAR2zpQyzRcmLAR8s3gFNY8AjxgeZtVIXETH6WR\\_5LxG\\_o42V89K3UcDvTgE](https://literarycircle6.wordpress.com/2020/12/15/tatsulok-by-bamboo/?clid=IwAR2zpQyzRcmLAR8s3gFNY8AjxgeZtVIXETH6WR_5LxG_o42V89K3UcDvTgE) Fb
- Lumacad, C. (2019). Tayutay Pananaliksik. Nakuha noong Mayo 16, 2022, sa <https://pdfcoffee.com/tayutay-pananaliksik-pdf-free.html>
- McDonalds, Philippines. (2011). McDonalds Philippines Commercial 2000 – Kanlungan. Nakuha noong Mayo 20, 2022, sa <https://www.youtube.com/watch?v=AGvu9XLLsas&t=83s>
- Nordquist, R. (2022). Isang Panimula sa Retorika na Mga Tanong. Nakuha noong Mayo 25, 2022, sa <https://tl.eferrit.com/isang-panimula-sa-retorika-na-mga-tanong/>
- Pontemayor, F.B. et al. (2019). “MASDAN MO ANG KAPALIGIRAN”: ISANG EKOKRITIKAL LITERARING ANALISIS. Nakuha noong Mayo 26, 2022, sa [https://ejournals.ph/article.php?id=14305&fbclid=IwAR3HI8haY\\_Ht5HQvA0BSOevSlCk1gWurKmL9XhDPVuBvX-91j-2jRwmAHY](https://ejournals.ph/article.php?id=14305&fbclid=IwAR3HI8haY_Ht5HQvA0BSOevSlCk1gWurKmL9XhDPVuBvX-91j-2jRwmAHY)
- Radovan, J. (2017). Noel Cabangon releases two new original songs in latest cover album. Nakuha noong Mayo 15, 2022, sa <https://interaksyon.philstar.com/entertainment/2017/09/13/96847/noel-cabangon-releases-two-new-original-songs-in-latest-cover-album/>
- Rios, N. (2022). Mga Halimbawa ng Simile.doc - Mga Halimbawa ng Simile. Nakuha noong Mayo 25, 2022, sa <https://www.coursehero.com/file/66459181/Mga-Halimbawa-ng-Similedoc/?fbclid=IwAR35j5VVvNYM7tGC96gCBTiSfGp8NhJ1WI9e0oPVbTQWvTG0OFV1dNheKDo>
- Santos, P. (2017). ANO ANG TAYUTAY? Nakuha noong Mayo 16, 2022, sa <https://filipinotutorial.blogspot.com/2017/06/ano-ang-tayutay.html>
- Serva, C. (2021). Figurative Language: Definition & Examples. Nakuha noong Mayo 18, 2022, sa <https://study.com/academy/lesson/figurative-language-definition-examples.html>
- Tan, C. (2019). Those Were The #Days. Nakuha noong Mayo 21, 2022, sa [https://www.facebook.com/chinkeetan/photos/those-were-the-daysmay-ilang-bahagi-ng-ating-buhay-na-na-pa-hihintotayo-dahilnaaa/10157363003574463/?\\_rdp=ag-awit/](https://www.facebook.com/chinkeetan/photos/those-were-the-daysmay-ilang-bahagi-ng-ating-buhay-na-na-pa-hihintotayo-dahilnaaa/10157363003574463/?_rdp=ag-awit/)
- Universal Records Philippines (2011). Noel Cabangon @ Headstart with Karen Davila PART 1. Nakuha noong Mayo 10, 2022, sa <https://youtu.be/HXnONWm6KUY>

Valle, R. (2019). TAYUTAY-Mga Iba't ibang Uri at Halimbawa Ng Mga Uri. Nakuha noong Mayo 10, 2022, sa <https://philnews.ph/2019/06/27/tayutay-uri-at-halimbawa/>

Zarate, M., et al. (2019). Review of English literature on figurative language applied to social networks. Nakuha noong Mayo 10, 2022, sa [https:// www. journal.unrika.ac. id/ index .php/jurnalanglo-saxon/article/view/3756](https://www.journal.unrika.ac.id/index.php/jurnalanglo-saxon/article/view/3756)

#### **A. Journal**

Gido, Nathaniel G. et al. (2015). Dickinson's Poetic Themes and Figurative Language. Cebu City: University of Visayas Journal of Research 2015.

Marlinton, Melissa & Syafitri Dewi (2018). An Analysis of Figurative Language Used in Edgar Allan Poe: Linguistic, English Education and Art (LEEA) Journal.

